



PATNUBAY SA MISA



17 Disyembre 2018

SIMBANG GABI – Ikalawang Araw

Taon K

ANG DAKILANG BALAK NG DIYOS PARA SA ATING KALIGTASAN

Ngayon ang ating Ikalawang Simbang Gabi. Sinimulan natin kahapon ang Pagsisiyam para sa Pagdiriwang ng Pasko ng Pagsilang ng Panginoong Hesus. Ang talagang dahilan sa pagkakaroon ng ganitong kakaibang paghahanda sa Pilipinas ay upang hilingin sa Diyos na maging matatag ang pananampalatayang Kristiyano dito sa ating bayan. Ito ay nagsimula sa kaugalian ng Misa del Gallo – ang misang sumasabay sa pagtilaok ng tandang sa madaling-araw. Ginagawa pa rin ito subalit nakaugalian na ring magmisa sa gabi para higit na marami ang makadalo. Sana’y tunay na maging makabuluhan ang pagsisiyam na ito lalo na para sa ating mga kabataan dahil ito ang taon nila.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Umawit ka, kalangitan! Magalak, sangkalupaan! Narito ang Poong mahal! Darating upang tulungan ang mga dukha n'yang hirang!

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang nagbalak ng ating kaligtasan, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B –At sumaiyo rin!

Pagsisi

P –Paghandaan natin ang pagdiriwang na ito upang maunawaan natin kahit kaunti ang dakilang balak ng Diyos para sa ating kaligtasan. (Manahimik sandali.)

P –Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa dakilang balak ng Ama para sa a-

ming kaligtasan, Panginoon, kaawaan mo kami.

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa biyayang idudulot ng dakilang balak ng Ama, Kristo, kaawaan mo kami.

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa kahinaan ng aming sigasig na makilahok sa pagtupad ng dakilang balak ng Ama, Panginoon, kaawaan mo kami.

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P – Ama naming Lumikha at Tagapagligtas, niloob mong magkatawang-tao ang iyong Salita sa sinapupunan ng laging Birheng si Maria. Sa pag-ako ng iyong Bugtong na Anak sa aming pagkatao pagindapatin nawa kaming sa iyong pagka-Diyos ay makasalo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gen 49:2.8-10*

Ang ating sipi galing sa aklat ng Genesis ay naglalarawan ng dakilang papel na dapat gampanan ng lipi ni Juda sa kasaysayan ng ating kaligtasan. Sa kanyang angkan magmumula ang Manunubos ng sanlibutan. Itong Manunubos ay ang Haring magtataglay ng lakas at kapangyarihan ipinapangako ni Jacob.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ng Genesis

Noong mga araw na iyon, tinawag ni Jacob ang mga anak niya at kanyang sinabi: “Kayo mga anak, magsilapit sa akin, akong inyong ama ay sumandaling dinggin. Ikaw, Juda, ay papupurihan niyong mga anak ng Ina mong mahal, hawak mo sa leeg ang iyong kaaway, lahat mong kapatid sa iyo’y gagalang. Mabangis na leon, ang iyong larawan, muling nagkukubli matapos pumatay; ang tulad ni Juda’y leong nahihimlay, walang mangangahas lumapit sinuman. Hawak niya’y setrong tuon sa paanan, sagisag ng lakas at kapangyarihan; ito’y tataglayin hanggang sa dumatal ang tunay na Haring dito’y magtatangan.”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 71*

B – *Mabubuhay s’yang marangal at sasagana kailanman!*

R. M. Velez

Ma-bu-bu-hay s'yang mara-ngal
at sa-sa-ga-na kay-lan-man!

* Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran, sa taglay mong katarungan, O Diyos, siya’y bahaginan; upang siya’y maging tapat mamahala sa’yong bayan, at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay. **B.**

* Ang lupain nawa niya’y umunlad at managana; maghari ang katarungan sa lupain nitong bansa. Maging tapat itong hari sa paghatol sa mahirap at ang mga taong wala’y pag-ukulan ng paglingap. **B.**

* Yaong buhay na mat’wid sa kanyang kapanahunan, madama ng bansa niya at umunlad habang buhay. Yaong kanyang kaharian ay palawak nang palawak, mula sa llog Eufrates, sa daigdig ay kakalat. **B.**

* Nawa yaong kanyang ngalan ay h’wag nang malimutan, manatiling laging bantog na katulad nitong araw; nawa siya ay purihin ng lahat ng mga bansa, at sa Diyos, silang lahat dumalanging: “Harinawa pagpalain kaming lahat, tulad niyang pinagpala.” **B.**

Aleluya

B – Aleluya! Aleluya!

Karunungan ng Maykapal, tana’y ‘yong pangasiwaan, halina’t kami’y turuan.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 1:1-17*

Ang pagdating ng Mesias ay hindi biglaan at taliwas sa plano. Ito ay nasa balak ng Diyos sa simula’t simula pa. Ang simula ng Ebanghelyo ayon kay Mateo ay naglalahad nitong dakilang balak ng Ama sa pamamagitan ng isang mahaba at maayos na talaan ng mga ninuno ni Hesukristo. Ang pagdating ng Mesias ay talagang pinaghandaan ng Ama.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Ito ang lahi ni Hesukristo na mula sa angkan ni David na mula naman sa lahi ni Abraham.

Si Abraham ang ama ni Isaac; si Isaac ang ama ni Jacob na ama ni Juda at ng kanyang mga kapatid. Naging anak naman ni Juda kay Tamar sina Fares at Zara. Si Fares ang ama ni Esrom at si Esrom ang ama ni Aram. Si Aram ang ama ni Aminadab; si Aminadab ang ama ni Naason na ama naman ni Salmon. Naging anak ni Salmon kay Rahab si Booz, at naging anak naman ni Booz kay Ruth si Obed. Si Obed ang ama ni Jesse na ama ni Haring David.

Naging anak ni David si Solomon sa dating asawa ni Urias. Si Solomon naman ang ama ni Roboam. Si Roboam ang ama ni Abias, at si Abias ang ama ni Asa. Si Asa ang ama ni Josafat, at si Josafat ang ama ni Joram na siya namang ama ni Ozias. Itong si Ozias ay ama ni Jotam na ama ni Acaz, at si Acaz ang ama ni Ezequias. Si Ezequias ang ama ni Manases, at si Manases ang ama ni Amos na ama naman ni Josias. Si

Josias ang ama ni Jeconias at ang kanyang mga kapatid. Panahon noon ng pagkakatapon ng mga Israelita sa Babilonia.

Matapos ang pagkakatapon sa Babilonia, naging anak ni Jeconias si Salatiel na ama ni Zorobabel. Si Zorobabel ang ama ni Abiud na ama ni Eliaquim, at si Eliaquim ang ama ni Azor. Si Azor ang ama ni Sadoc na ama ni Aquim; itong si Aquim ang ama ni Eliud. Si Eliud ang ama ni Eleazar; si Eleazar ang ama ni Matan na ama ni Jacob. At si Jacob ang ama ni Jose na asawa ni Maria. Si Maria naman ang ina ni Hesus na tinatawag na Kristo.

Samakatwid, labing-apat ang salinlahi mula kay Abraham hanggang kay David, labing-apat mula kay David hanggang sa pagkakatapon ng mga Israelita sa Babilonia, at labing-apat din mula sa pagkakatapon sa Babilonia hanggang kay Kristo.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoon Hesukristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P – Hangad nating lumakas ang ating pananampalatayang Kristi-yano sa pagsisiyam na ito para sa Pasko. Puno ng pananabik ating sambitin:

B – Diyos ng kaayusan, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa gitna ng kanilang mga kakulangan at kahinaan ay maihanda nila nang buong sigasig ang mga tao para sa pagdiriwang ng Pagsilang ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan, upang sa taong ito ng mga kabataan at sa harap ng kanilang mga alalahanin ay makapaglabay sila nang maayos tungo sa kaganapan ng buhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang sa harap ng mga patong-patong na suliranin ng ating lipunan ay makaya pa rin nilang itaguyod ang kapakanan ng lahat, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong nagugulu-

han sa dami ng kanilang pinagda-
raanan sa buhay, upang mamalas
pa rin nila ang ganda ng balak ng
Diyos para sa kanila, manalangin
tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagka-
katipon sa pagsisiyam na ito para
sa Pasko, upang sa kabila ng ating
mga pagkakamali ay masigasig pa
rin nating maisabuhay ang ating
pananampalatayang Kristiyano,
manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin
ang ating mga pansariling kahi-
lingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Ama naming puspos ng karu-
nungan at kabutihan, binalak Mo
ang aming kaligtasan sa simula't
simula pa ng aming kasaysayan.
Ibuhos Mo sa amin ang handog
ng iyong Espiritu Santo upang
maging matatag kami sa aming
pananampalatayang Kristiyano
sa harap ng mga pagsubok sa
buhay. Hinihiling namin ito sa
pamamagitan ni Hesukristong
aming Panginoon.
B—Amen!



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Pangino-
on itong paghahain sa iyong mga
kamay sa kapurihan niya at
karangalan, sa ating kapakina-
bangan at sa buong Sambayanan
niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, gawin
mong banal ang mga alay ng iyong
sambayanan upang sa kagalang-
galang na pagdiriwang na ito kami
ay pagindapatin mong magkasalu-
salo sa pagkaing ibinibigay mo
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo mag-
pasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P—Ama naming makapangya-
rihan, tunay ngang marapat na
ikaw ay aming pasalamat na sa
pamamagitan ni Hesukristo na
aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya
ay ipinahayag ng lahat ng mga
propeta. Ang pagsilang niya'y

pinanabikan ng Mahal na Birheng
kanyang Inang tunay sa kapangya-
rihan ng Espiritung Banal. Ang
pagdating niya'y inilahad ni San
Juan Bautista sa kanyang pagbi-
binyag. Ngayong pinaghahandaan
namin ang maligayang araw ng
kanyang pagsilang, kami'y na-
nanabik at nananalangin lubos
na makaharap sa kanyang kadaki-
laan.

Kaya kaisa ng mga anghel na
nagsisiawit ng papuri sa iyo nang
walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong
kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

**B—Aming ipinahayag na na-
matay ang 'yong Anak, nabuhay
bilang Mesiyas at magbabalik sa
wakas para mahayag sa lahat.**



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

**B—Sapagkat iyo ang kaharian at
ang kapangyarihan at ang kapu-
rihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P—Ito si Hesus, ang katuparan
ng mga pangako ng Panginoon
kay Abraham at David. Siya ang
Kordero ng Diyos na nag-aalis
ng mga kasalanan ng sanlibutan.
Mapalad ang mga inaanyayahan
sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako kara-

**pat-dapat na magpatuloy sa iyo
ngunit sa isang salita mo lamang
ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang
awiting nakahanda.*)

**Darating ang hinihintay, Poong
kinasasabikan ng mga bansa at
bayan. Mapupuspos ng karikitan ang
tahanan ng Maykapal.**

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal,
kaming pinapagsalo mo sa iyong
piging ay pag-alabin nawa ng
iyong Espiritu sa pananabik na
magliwanag sa piling ng dumara-
ting na si Kristo na namamagitan
kasama ng Espiritu Santo magpa-
sawalang hanggan.

B—Amen!



P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin!

P—Magsiyuko kayo habang igi-
nagawad ang pagbabasbas.
(*Tumahimik sandali.*)

Ingatan nawa kayo ng Diyos
sa Kanyang pangangalaga at
liwanagan ang inyong mga
araw ng Kanyang kaning-
ningan.


B—Amen!

P—Pagpalain kayo ng makapang-
yarihang Diyos: Ama, Anak,
at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo upang ibigin at
paglingkuran ang Panginoon
sa inyong kapwa.

B—Salamat sa Diyos!



2019 Pocket Planner & Prayer Book

Kumbinasyong kalendaryo,
talaan ng mga gagawin,
patnubay liturhiko,
at aklat-dasalan

Nagtatampok sa pagdiriwang
sa "Taon ng mga Kabataan"

Mabibili na ngayon sa **Word & Life Center**,
mga tindahan ng mga babasahing banal.

ANG GUSOT NA NAUWI SA MAAYOS

Ang talaan ng mga ninuno ni Hesukristo ay napakaayos. Ito ay nahahati sa 3 pangkat ng tig-14 na salinlahi. Kung ang 14 ay dalawang ulit ng 7 – at ang 3 at 7 ay mga makabuluhang bilang sa Banal na Kasulatan – ay talagang maayos at makabuluhan ang pagdating ng Mesias. Sa talaang itong puno ng pangalan ng mga kalalakhian, ay may naisingit na 5 pangalan ng babae: Tamar, Rahab, Ruth, ang dating asawa ni Urias (Bat-seba), at Maria. Ang 5 babaeng ito ay may mga gusot sa kanilang buhay.

Si Tamar ang naging kabiyak nina Er at Onan, mga anak ni Juda (*tingnan Genesis 38*). Nang mabalo si Tamar kay Er ay pinakasalan ito ni Onan bilang pagtupad sa kaugalian: “*Kung mamatay na walang anak ang isang lalaking may asawa, ang balo niya ay di maaaring mag-asawa sa iba; dapat siyang pakasalan ng kapatid ng namatay at ito ang tutupad sa tungkulin ng kapatid na namatay. Ang unang anak nila ay isusunod sa pangalan ng namatay upang hindi mawala sa Israel ang pangalan nito.*” (*Deuteronomio 25:5-6*) Noong namatay din si Onan ay nag-alinlangan na si Juda na ipakasal sa kanya ang bunso niyang si Sela. Dahil dito ay si Tamar na ang gumawa ng paraan upang magkaroon siya ng anak sa angkan ni Juda. Nasilo niya ang kanyang biyenan sa pamamagitan ng pagpapanggap. Dahil dito ay nagluwal siya ng kambal na lalaki, sina Fares at Zara.

Si Rahab naman ay “*isang babaing nagbibili ng panandaliang aliw*” (*Josue 2:1*). Ngunit dahil sa kanyang pagtulong sa dalawang tiktik na isinugo ni Josue ay nakaligtas siya at kanyang sambahayan sa pagkapuksa ng mga mamamayan ng Jerico.

Si Ruth ay ang tapat na balong manugang ni Noemi, ang balo naman ni Elimelec na “*taal na Efrateo, o taga-Betlehem, Juda, ngunit nakipamayan muna sa Moab*” (*Ruth 1:2*). Sa kanyang

paghahangad na di mawalay sa Bayan ng Israel ay sinunod niya ang payo ni Noemi upang masilo si Booz: “*Kaya’t maligo ka, magpabango ka at magbihis ng pinakamainam mong damit. Pagkatapos, magtungo ka sa giikan. Ngunit huwag mong ipamalay na naroon ka hanggang sa makakain at makainom si Booz. Tingnan mo kung saan siya matutulog. Lumapit ka, iangat mo ang takip ng kanyang paa, at mahiga ka sa may paanan niya.*” (*Ruth 3:3-4*) Ang naging anak nilang si Obed ang lolo ni Haring David.

Ang dating asawa ni Urias na si Bat-seba ang babaing naging kasama ni Haring David sa pakikiapud (*tingnan 2 Samuel 11-12*). Ang parusa ng Diyos sa kanila ay ito: “*yamang nilapastangan mo ang Panginoon ang magiging anak mo ay mamamatay*” (*2 Samuel 12:14*). Ngunit pagkatapos: “*Inaliw ni David si Bat-seba at sinipingan uli. Muli itong nagdalantao at nanganak ng isang lalaki. Solomon ang ipinangalan dito.*” (*2 Samuel 12:24*)

Si Maria ay kabanal-banalan. Siya “*at si Jose ay nakatakda nang pakasal. Ngunit bago sila nakasal, si Maria’y natagpuang nagdadalang-tao*” (*Mateo 1:18*). Kahit “*ito’y sa pamamagitan ng Espiritu Santo*” (*Mateo 1:18*), ay malaking suliranin pa rin ito. Dahil lumalabas na hindi na siya dalaga bago maikasal ay parurusahan siya ng ganito: “*ang babae’y ilalabas ng bahay. Babatuhin siya roon ng mga kalalakhian ng lunsod hanggang sa mamatay.*” (*Deuteronomio 22:21*)

Subalit kahit silang lima ay may gusot sa buhay ay nauwi pa rin sa maayos. Naiayos ang lahat ng gusot dahil kasama pala ang mga ito sa dakilang balak ng Diyos para sa pagdating ng Mesias. Walang kamalian sa buhay ay hindi maaaring isaayos sa tulong at awa ng Diyos. Kaya kahit kailan ay hindi dapat mawalan ng pag-asa sa buhay.

Munting Kaalaman sa Adbiyento/Pasko

SINO ANG NAGTATAG NG ADBIYENTO?

Ayon kay Thomas J. Talley, sa *The Origins of the Liturgical Year*, nagsimula ang Adbiyento sa *Fourth Canon of the Council of Saragosa* noong taong 380. Noong taong 567, nagtakda ang Sinod ng *Tours* ng pag-aayuno sa Disyembre. At noong taong 581, nag-utos ang Kapulungan ng *Macon* ng pag-aayuno ng mga laiko sa Adbiyento mula sa Kapistahan ni San Martin (*Nobyembre 11*) hanggang Pasko. Ito ang tinawag na Kuwaresma ni San Martin.

Noong ika-7 at ika-8 siglo, nagtaglay ng anim na Linggo ng Adbiyento ang mga aklat ng mga pagbasang hango sa Banal na Kasulatan para sa Liturhiya ng Salita.

Ayon sa *Harper Collins Encyclopedia of Catholicism*, si **Gregoriong Dakila**, na namatay noong 604, ay siyang **tunay na “arkitekto”** (bumalangkas at nagtatag) ng **Adbiyentong Romano**. Siya ang nagtakda ng **apat na linggo** at bumuo ng mga dasal at antipona para sa panahong ito. Sa Pransiya naman pinagyaman ang panahong ito ng mga sangkap na tungkol sa pagwawakas. Ang paglalangkap ng mga sangkap Romano at Pranses ay bumalik sa Roma noon namang ika-12 siglo at wala nang pagbabago ang liturhiya ng Adbiyento mula noon.

(www.americancatholic.org)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguió

• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Marketing:** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • **Circulation:** R. Saldúa